


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan- Modyul 5: Mga Programa sa Administrasyon nina Pangulong Elpidio R. Quirino at Pangulong Ramon F. Magsaysay



Pangalan: ________________________________________

Baitang at Seksyon: ____________________________

Paaralan: ________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeneliza C. Panes, EdD

**Editor:** Mohammar M. Rindo, EdD
Rosemary T. Calo, MAED
Ryan G. Tulod, MAED
Vilma Lomocso, MAED

**Tagasuri:** Alma L. Carbonilla, EdD.

**Tagakuha ng Larawan:** Phoebe Jane A. Cobrado, MAED

**Tagalapat:** Jeneliza C. Panes, EdD.

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS – Araling Panlipunan



# Alamin

Kumusta po!! Ngayon ay matutunghayan mo ang isa na namang bagong aralin sa asignaturang Araling Panlipunan 6. Ang modyul na ito ay taos-pusong inihanda upang maihahatid ang mga impormasyon tungkol sa mga programang ginawa ng ibat ibat administrasyon upang matutugunan ang mga matitinding pagsubok na dinaranas ng ating bansa.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

❖ Natatalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.
  - Administrasyon ni Pangulong Elpidio R. Quirino ( 1948-1953)
  - Administrasyon ni Pangulong Ramon F. Magsaysay ( 1953-1957)



# Balikan

## Gawain 1. Pagtatambal

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B.. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

HANAY A

1. Itinakda nito ang malayang kalakalan sa pagitan ng America at Pilipinas
2. Itinakda nito ang bahagdang hatian ng ani ng mga kasama at mga may-ari ng sakahan.
3. Pagkakaroon ng 16 na base sa iba't ibang lugar sa Pilipinas
4. Pag-urong at pagsuko ng America sa lahat ng mga karapatan sa Pilipinas maliban sa mga baseng kailangan para sa proteksyon ng America at Pilipinas
5. Pagbibigay ng pera na gagamitin sa mga napinsala sa panahon ng digmaan.
6. Nagsisiyasat ng alternatibong paggamit ng local na mga Hilaw na sangkap.
7. Ang mga Amerikano ay binigyan ng karapatan na kapantay ng mga Pilipino sa paglinang at paggamit ng mga likas-yaman ng bansang Pilipinas.
8. Naging huling Pangulo ng Commonwealth at unang Pangulo ng Ikatlong Republika
9. Araw ng pagkasawi ni Pangulong Manuel A. Roxas
10. Paglaya ng Pilipinas mula sa Japan

HANAY B

A. Pangkalahatang Amnestiya
B. Rehabilitation Act
C. Kasunduan sa Base Militar
D. National Development Company
E. Manual L. Quezon
F. Hulyo 4, 1945
G. Philippine Rice-Share Tenancy Act
H. Parity Rights
I. Manuel L. Roxas
J. Abril 15, 1948
K. Bell Trade Act
L. Kasunduan sa Pangkalahatang Ugnayan

| ARALIN 5 | Mga Programa sa Administrasyong Quirino (1948-1953) at Magsaysay( 1953- 1957) |
|---|---|



# Tuklasin

Tingnan ang mga larawan sa susunod na pahina.



*https://en.wikipedia.org/wiki/1949_Philippine_presidential_election#/media/File:Elpidio_R_Quirino.jpg*

Sa mga larawan na nakikita mo, may namumukhaan ka ba sa kanila? Sinu-sino kaya sila? Kung kilala mo sila, anu-ano kaya ang mga programang nailunsad nila para sa kapakanan ng ating bansa? Paano nakakatutulong ang mga programang ito sa paglutas ng mga suliranin ng sambayanang Pilipino?



*https://en.wikipedia.org/wiki/Ramon_Magsaysay*



# Suriin

Magaling! Napapagtagumpayan mo ang unang gawain. Ngayon, basahin mo ang teksto tungkol kay pangulong Manuel A. Roxas at ang kanyang mga programa sa panahon ng kanyang panunungkulan.

## Mga Programa ni Pangulong Elpidio R. Quirino (1948-1953)

Si Elpidio R. Quirino ang naging pangulo ng bansa mula noong Abril 17, 1948 pagkatapos namatay si pangulong Roxas, Ipinagpatuloy din niya ang mga programa nito, at nagwagi siya sa halalang pampanguluhan noong Nobyembre 8, 1949. Siya ay tinaguriang "Ama ng *Foreign Service* " dahil siya ay naging kalihim ng Kagawaran ng Suliraning Panlabas noong panahon ni Pangulong Roxas at siya ang nagbuo ng mga embahada at konsulado sa iba't ibang bansa.



http//:sg.images.search.yahoo.com/yhs/search;_ylt=AwrxhZUGMNJfiw4AtDd2u4lQ?p=PICTURE+OF+PRESIDENT+eLPIDIO+qUIRINO&ei=UTF-8&fr=yhs-ima-001&hsimp=yhs-001&hspart=ima&imgl=fsu&fr2=p%3As%2Cv%3Ai#id=1&iurl=https%3A%2F%2Fupload.wikimedia.org%2Fwikipedia%2Fid%2F7%2F77%2FPh_pres_quirino.jpg&action=click https://upload.wikimedia.org/wikipedia/id/7/77/Ph_pres_quirino.jpg

Sa kanyang panunungkulan ay may mga suliraning hinaharap ng bansa. Upang matugunan ang mga ito, siya ay nagpanukala ng mga programa. Ito ay ang mga sumusunod:

**Proklamasyon Bilang 76 o Amnestiya sa mga lumaban ng pamahalaan.** Ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon o Hukbalahap, na kilala sa tawag na HUK ay isang grupo ng mga manggawa at magsasaka sa Gitnang Luzon na nakiisa sa Amerikano laban sa mga Hapones. Ito ay nasa ilalim ng pamumuno ni Luis Taruc. Sa kadahilan na mapabalik ang kaayusan at kapayapaan ng bayan, binigyan ng amnestiya ang mga pinuno at kasapi ng Huk at iba pang mga grupo o taong gumawa ng kriminalidad gaya ng rebelyon, illegal na samahan, sedisyon at iba. Napasuko ang mga HUK sa tulong ni Ramon F. Magsaysay, na noon ay siyang Kalihim ng Tanggulang Pambansa.

**Socio-Economic Rehabilitation** (SER). Ito ay tumukoy sa kalagayang Pangkabuhayan ng Pilipnas. Layunin nito ang pagpapabuti ng sistema ng pananalapi ng bayan, paraan ng pagsasakapagbubukas ng mga industriya , paghingi ng karagdagang buwis sa mga kalakal na inangkat maliban sa ilang pataba at pagkain.

**Central Bank of the Philippines (**CBP**).** Upang mapalakas ang piso ng bansa, inilunsad ito noong Enero 3, 1949.

***Quirino-Foster Agreement (QFA).*** Nilagdaan ito noong Nobyemre 14, 1950 upang mapasakatuparan ang mga mungkahi ng Misyon Bell. Naglalayong makalikom ng pera na may

halagang  Ph 565 milyon at upang maiwasan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Ito ay nagsimula noong Enero 1, 1951. Ito rin ang nag nagpapatibay ng batas na ang manggagawang pansakahan ang may pinakamababababang pasahod. Noong Abril 27, 1951 ay pinagtibay ang kasunduan ng pagtutulungang pangkabuhayan at teknikal ng Pilipinas at United States o kilalang-kilala ngayon na Amerika. Ayon sa kasunduan ang pagkakaroon ng isang misyong pangkabuhayan sa bansa na siyang tutulong sa pagbuo ng isang malaya, matatag at demokratikong bansa.

**Programang PACSA.** *President's Action Committee on Social Amelioration* (PACSA) ay binuo upang bigyang tulong ang mga mahihirap at nangangailangan. Nilagdaan ang *Magna Carta of Labor* at pinagtibay ang *Minimum Wage Law* na nagtatakda ng pinakamababang pasahod sa mga manggagawa, guro at kawani sa pamahalaan. Pinaunlad ang agrikultura sa sistemang irigasyon at paggawa ng mga kalsada sa bukid at pamilihan.

## Mga Programa ni Pangulong Ramon F. Magsaysay (1953-1957)

Si Ramon F. Magsaysay ay nihirang na pangulo noong Nobyembre, 1953 nang tinalo niya si Pangulong Elpidio E. Quirino sa pangpanguluhang halalan. Siya ay tinaguriang "Tagapagtanggol ng Demokrasya" dahil sa nagawa niyang paglutas sa suliranin ng Huk. Kilala bilang "Kampeon ng Masa at Kampeon ng Demokrasya". Siya ay may karisma at makamasa kaya naging idolo ng mga Pilipino. Binuksan niya ang Malacanang para ang lahat.



https://sg.images.search.yahoo.com/yhs/search;_ylt=AwrwJUUBLtJfEF8AGkN2u4lQ?p=PICTURE+OF+RAMON+MAGSAAYSAY+FOR+FREE+OF+USE&fr=yhs-ima-001&hsimp=yhs-001&hspart=ima&imgurl=https%3A%2F%2Fwww.wikakids.com%2Fwp-content%2Fuploads%2F2017%2F11%2FRamon-F.-Magsaysay-1024x512.jpg&imgl=fmsu&fr2=p%3As%2Cv%3Ai#id=2&iurl=https%3A%2F%2Flive.staticflickr.com%2F268%2F18260070610_03fba77fd1_b.jpg&action=click

Ayon sa kanya "Kaligayahan at katatagan ng karaniwang tao" ang tanging minimithi sa kanyang pamumuno. " Kung ano ang makabubuti sa karaniwang tao ay makabubuti rin sa buong bansa", wika niya , kaya gusto niyang paunlarin ang mga baryo. Nagtatag siya ng mga programa upang makamit ang kanyang mga pangarap sa bayan. Ilan nito ay ang mga sumusunod:

***Land Tenure Reform Law*** (LTRL). Ito ay ang paghati-hati ng nabiling malalaking asyendang ng gobyerno upang paipamahagi nang hulugan sa mga kasama.

***Social Security System o SSS.*** Ito ay para sa mga mangagagawa at kawani ng mga pribadong kompanya at industriya upang bawat kasapi nito ay mabigyan ng tulong sa pagpapagamot, pabahay, kalamidad, pautang sa kita at pag-aaral, at pension sa pagreretiro.

***National Resettlement and Rehabilitation Administration*** *(*NARRA)**.** Nakasaad nito ang pagbibigay ng lupa sa mga walang lupain. At pagpapatayo ng mga bangko rural upang bigyang tulong pananalapi ang mga magsasaka.

***Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration*** (ACCFA). Layunin nito na matulungan ang mga magsasaka sa pagbibili ng kanilang ani.

***Farmers' Cooperative Marketing Association*** (FACOMA). Ang mga kasapi sa programang ito ay bibigyang pagkakataon na makautang sa *Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration* (ACCFA) upang makabili ng sariling kalabaw at mga gamit sa pansakahan.

***Southeast Asia Treaty Organization*** (SEATO). Ito ay isang kasunduan ng ibat ibang bansa, gaya ng United States, Great Britain, France, Australia, New Zealand, Pakistan, Thailand at Pillipinas upang magtulungan laban sa mga komunismo.

***Reparations Agreement*** *(*RA*)* Ito ay kasunduang nilagdaan noong Mayo 9, 1956 na babayaran ng $800 milyon ng Japan ang mga pinsalang nagawa sa Pilipinas sa pahanon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa loob ng dalampung taon.

***Presidential Complaints and Action Committee*** (PCAC). Ito ay tumatanggap ng mga karaingan ng mga karaniwang tao upang maihatid at mabigyan ng kaukulan solusyon ng pangulo.

Namatay si Pangulong Magsaysay noong Marso 17, 1957 dahil bumagsak ang sinakyan niyang eroplano, kaya hindi niya lubusang naisakatuparan ang kanyang mga programa.

**Prosesong mga tanong:**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa sagutang papel.


1. Ano-ano ang mga programang inilunsad nina Pangulong E. Quirino at Pangulong R. Magsaysay?
2. Paano nakakatulong ang bawat programa sa pagtugon sa mga suliranin ng mga mamamayan?
3. Bakit kaya tinaguriang "Tagapagtanggol ng Demokrasya "si Pangulong Ramon F. Magsaysay?
4. Batay sa ating aralin, alin sa dalawang administrasyon ang pinakagusto mo? Ipapaliwanag.



# Pagyamanin

## Gawain 1. *Cluster Diagram*

**Panuto:** Gamit ang ***Cluster Diagram*** , talakayin ang mga programang inilunsad ng administrasyong Elpidio R. Quirino at Ramon F. Magsaysay. Kopyahin ang diagram at punan ng wastong sagot.






## Gawain 2. TAMA o MALI

**Panuto:** Isulat ang salitang **Tama** kung ang opinyon ay nagsasaad ng katotohanan at kung **Mali** naman, **salungguhitan** ang salita o lipon ng mga salita na nagpapahayag ng kamalian, at isulat ang wastong sagot.

__________1. Si Pangulong Elpidio E. Quirino ay tinaguriang "Kampeon ng Demosrasya".

__________2. Ang *Quirino-Foster Agreement* ay ang paghati-hati ng malalaking lupain ng pamahalaan upang ibigay ito sa mga kasamang magsasaka ng hulugan.

__________3. Upang ang Japan ay makabayad sa pinsalang nagawa sa Pilipinas sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdigan ang Reparations Agreement ay nilagdaan noong ika-9 ng Mayo, 1956.

__________4. Ang "Ama ng *Foreign Service*" ay Pangulong Ramon F. Magsaysay.

__________5. Ang *Social Security System* o SSS ay inilunsad para sa mga manggagawa at kawani ng mga pribadong kampanya at industriya upang sila ay mabigyang tulong sa pagpapagamot, pabahay, alamidad , pautang sa kita at pag-aaral, at pension sa pagreretiro.



# Isaisip

## Gawain 1. Punan ang Patlang

Panuto: Punan ng wastong sagot ang mga puwang sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap mula sa napag-aralan mong leksyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sa modyul na ito, natutuhan ko ang tungkol sa mga programang inilunsad sa panahon ng administrasyong Elpidio R. Quirino at (1.)________________. Si Pangulong Elpidio R. Quirino ay nagtatag ng mga programang amnestiya sa mga lumaban ng pamahalaan base sa Proclamasyon Bilang (2) _______, (3) ___________,(4) ________ Quirino-Foster Agreement at (5) ________________ upang magkaroon ng kapayapaan at kaayusan, pagkaroon ng maunlad na kabuhayan at mapabalik ang tiwala ng bayan sa pamahalaan. Si Pangulong Ramon F. Magsaysay naman ay naglunsad ng *Land Tenure Reform Law*, (6) ___________, National Resettlement and Rehabilitation Administration, (7) ________, Farmers' Cooperative Marketing Association, (Southeast Asia Treaty Organization, (8) ___________________________at (9) __________________________ upang maangat ang kalagayan ng mga taga baryo o nayon.

**Gawain 2. *T Chart***

Panuto: Gamit ang *T Chart*, ibigay ang mga programang inilunsad ng bawat administrasyon. Kopyahin ang tsart at sagutin.

| **MGA PROGRAMA** | |
|---|---|
| Administrasyong Elpidio R. Quirino | Administrasyong Ramon F. Magsaysay |
| 1. | 1 |
| 2 | 2 |
| 3 | 3 |
| 4. | 4 |
| 5 | 5 |
| | 6 |
| | 7 |
| | 8 |



# Isagawa

**Gawain 1: *Poster Making***

Panuto: Gagawa ng *Poster* batay sa mga programang inilunsad ni Pangulong Elpidio R. Quirino at Pangulong Ramon F. Magsaysay

**Rubriks sa Pagmamarka sa Paggawa ng *Poster*.**

| Pamantayan | Indikator | Puntos | Marka |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kaugnayan sa paksa o tema | 10 | |
| Pagkamalikhain | Kaayusan ng kombenasyon ng mga kulay | 10 | |
| Presentasyon | Kalidad at kalinisan ng paggawa | 10 | |
| **Kabuuan** | | 30 Puntos | |



# Tayahin

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Siya ay nahalal na pangulo noong Nobyembre 8, 1949.
   A. Gloria M. Arroyo
   B. Corazon C. Aquino
   C. Ramon F. Magsaysay
   D. Elpidio R. Quirino

2. Sino ang " Ama ng *Foreign Service*"?
   A. Ferdinand E. Marcos
   B. Ramon F. Magsaysay
   C. Elpidio R. Quirino
   D. D. Rodrigo R. Duterte

3. Sino ang nagsasabi na kung ano ang makabubuti sa karaniwang tao ay makakabuti sa buong bansa?
   A. Elpidio R. Quirino
   B. Corazon C. Aquino
   C. Ramon F. Magsaysay
   D. Manuel L. Quezon

4. Kailan pinagtibay ang kasunduan ng pagtutulungang pangkabuhayan at teknikal ng Pilipinas at United States?
   A. Abril 17, 1948
   B. Nobyembre 14, 1950
   C. Enero 1, 1951
   D. Abril 27, 1951

5. Anong batas ang nagpapatibay sa pagbigay amnestiya sa Hukbong Bayan Laban sa Hapon o HUK at ibang grupo na nakagawa ng mga krimen?
   A. Proklamasyo Bilang 100
   B. Proklamasyon Bilang 85
   C. Proklamasyon Bilang 76
   D. Proklamasyon Bilang 74

6. Ang mga sumusunod ay mga programang inilunsad sa adminstrasyong Ramon F. Magsaysay, **MALIBAN** sa:
   A. *Reparations Agreement* ( RA)
   B. *Social Security Service* ( SSS)
   C. *Land Tenure Reform Law* (LTRL)
   D. *President's Action Committee on Social Amelioration* ( PACSA)

7. Anong programa ang nailunsad ni Pangulong Ramon F. Magsaysay upang mabigyan ng lupa ang mga taong walang lupain?
   *A. National Resettlement and Rehabilitation Administration* ( NARRA*)*
   B. *Agricultural Credit and Cooperation Financing Administration (* ACCFA)
   C. *Southeast Asia Treaty Organization* (SEATO)
   *D. Socio-Economic Rehabilitation* ( SER)

8. Ang mga sumusunod sa programa ay **HINDI** nailunsad sa administrasyon ni Pangulong Elpidio R. Quirino.
   A. *President's Action Committee on Social Amelioration* ( PACSA)
   *B. Presidential Compliant and Action Committee*
   C. *Socio-Economic Rehabilitation* ( SER)
   D. Amnestiya sa mga HUK

9. Itinatag ang *Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration* ( ACCFA) upang ________.
   A. Mabigyan ng pagkakataon na sila ay makautang ng pera at makabili ng sariling kalabaw.
   B. Matulungan ang mga magsasaka sa pagbibili ng kanilang ani.
   C. Makatanggap ng tulong sa pagpapagamot.
   D. Mabigyan ng sariling lupa.

10. Ang mga sumusunod ay isa sa dahilan upang nilagdaan ang *Reparation Agreement* ____.
   A. Mabarayan ng $800 milyon ang mga pinsalang nagawa sa Pilipinas noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdigan.
   B. Nagtakda ng pinakamababababang pasahod sa mga manggagawa, guro at kawani ng pamahalaan.
   C. Mabigyan ng tulong ang mga mahihirap at nangangailangan.
   D. Magkaroon ng isang Malaya, matatag at demokratikong bansa.



# Karagdagang Gawain

## Gawain 1. *COMPOSER* AKO

Panuto. Sumulat ng isang ***Jingle o Rap*** na nagtatalakay ng mga programa sa administrasyon ni Pangulong Elpidio R. Quirino o Pangulong Ramon F. Magsaysay.

**RUBRIK SA PAGSULAT NG *JINGLE O RAP***

| **Pamantayan** | **5** | **3** | **1** |
|---|---|---|---|
| **Organisasyon** | Maayos at malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Hindi masyadong malinaw ang organisasyon ng mga ideya. | Lumihis sa ipinapagawa o sa dapat ipapahayag na mensahe ng gawain. |
| **Gramatika at Pagbaybay** | Walang mali sa pagbaybay at gramatika. | May 1-5 mali sa pagbaybay at gramatika. | May 6 o higit pang mali sa pagbaybay at gramatika. |
| **Kalinisan** | Napakalinis ng awtput; walang makikitang bura at nasusunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 1-5 pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. | Kakikitaan ng 6 o higit pang pagbura ng mga salita at hindi nasunod ang tamang anyo ng pagsulat ng liham, gaya ng wastong palugit at pasok. |

# Susi sa Pagwawasto

***BALIKAN***

1. B.
2. G
3. C
4. L
5. B
6. D
7. H
8. I
9. J
10. F

***PAGYAMANIN***

*Administrasyong Quirino*

- *Proklamasyon Bilang 76*
- *Socio-Economic Rehabilitation*
- *Central Bank of the Philippines*
- *Quirino-Foster Agreement*
- *PACSA*

*Administrasyong Magsaysay*

- *Land Tenure Reform Law*
- *Social Security System*
- *National Resettlement and Rehabilitation Administration*
- *Agricultural Credits and Cooperative Financing Administration*
- *Farmers' Cooperative Marketing Association*
- *Southeast Asia Treaty Organization*
- *Reparations agreement*
- *Presidential Complaints and Action Committee*

**Gawain 2**
**Tama o Mali**

1. R Magsaysay
2. Land Tenure Reform Law
3. Tama
4. E. Quirino
5. Tama

***ISAISIP***

1. Pangulong Ramon F. Magsaysay
2. Proklamasyon Bilang 76
3. Socio-Economic Rehabilitation
4. Central Bank of the Philippines
5. Programang PACSA
6. Social Security System
7. Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration (ACCFA)

8. Reparations Agreement

9. Presidential Complaints and Action Committee

***TAYAHIN***

1. D
2. C
3. C
4. D
5. C
6. D
7. A
8. B
9. B
10. A

# Sanggunian:

Agno, Lydia N. et al. *Marangal na Pilipino Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 5.* Philippines:Vibal Publishing House, Inc, 2006.

EASE Modyul 16: Mga Pagbabago sa Iba't-ibang Pamamahala. Copyright DepEd Central Office 2010.

https://sg.images.search.yahoo.com/yhs/search;_ylt=AwrxhZUGMNJfiw4AtDd2u4lQ?p=PICTURE+OF+PRESIDENT+eLPIDIO+qUIRINO&ei=UTF-8&fr=yhs-ima-001&hsimp=yhs-001&hspart=ima&imgl=fsu&fr2=p%3As%2Cv%3Ai#id=1&iurl=https%3A%2F%2Fupload.wikimedia.org%2Fwikipedia%2Fid%2F7%2F77%2FPh_pres_quirino.jpg&action=click

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/id/7/77/Ph_pres_quirino.jpg

https://sg.images.search.yahoo.com/yhs/search;_ylt=AwrwJUUBLtJfEF8AGkN2u4lQ?p=PICTURE+OF+RAMON+MAGSAAYSAY+FOR+FREE+OF+USE&fr=yhs-ima-001&hsimp=yhs-001&hspart=ima&imgurl=https%3A%2F%2Fwww.wikakids.com%2Fwp-content%2Fuploads%2F2017%2F11%2FRamon-F.-Magsaysay-1024x512.jpg&imgl=fmsu&fr2=p%3As%2Cv%3Ai#id=2&iurl=https%3A%2F%2Flive.staticflickr.com%2F268%2F18260070610_03fba77fd1_b.jpg&action=click

MELC, Araling Panlipunan 6, Quarter 3, Week 4

Palu-ay, Alvenia P. *Makabayan Kasaysayang Pilipino Batayang Aklat 5*. Philippines: LG&M Corporation, 2010.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.